

Taon XXXVII Blg. 11 Hunyo 7, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Parusahan ang mga pasistang kriminal

Pahayag ng Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas Mayo 31, 2006


ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang walang habas, tuluy-tuloy at lalo pang pinatitinding kampanya ng pamamaslang at pagdukot ng mga lider at aktibista ng ligal na mga demokratikong partido, organisasyong masa at alyansa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataang estudyante, propesyunal at iba pang demokratikong uri at sektor.

Daan-daan nang biktima, na pawang walang armas at walang laban, ang brutal na sinalakay at pinatay ng mga death squad na kontrolado ng mataas na kumand at mga yunit paniktik ng AFP at PNP.

Ang pagpaslang kay Sotero Llamas sa kabila ng napakalawak nang pagkundena ng demokratikong upinyong publiko sa loob at labas ng bansa ang pinakahuling pruweba ng kumpletong kawalan ng pakundangan sa mga pamantayang makatao at sibilisado, labis na arogansya at pag-abuso sa kapangyarihan, at hibang na pagkauhaw sa dugo ng

mga lisensyadong mamamatay-tao ng estado at ng naghaharing rehimeng Arroyo na nagmamando at kumokontrol sa kanila.

Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan sa kriminal na pananagutan ng pasista at papet na rehimeng Arroyo bilang utak, tagaplano at tagamando ng buhong na pag-atake sa mga walang armas na kasalungat sa pulitika. Sa utos at basbas ni Gloria Macapagal-Arroyo, ang nagaganap na pagbaha ng dugo ay pinlano, inorganisa at idinidirihe ng *national security cluster* ng gabinete sa pamumuno ni dating Gen. Eduardo Ermita at kinabibilangan ng mga panatikong an-



Mga tampok sa isyung ito...

Maruming digma ng rehimeng US-Arroyo PAHINA 3

Kulang na silid-aralan, kakarampot na badyet PAHINA 9

3 riple nasamsam, 5 sundalo napatay sa Kalinga раніма 13 ti-komunistang sina Norberto Gonzales, Raul Gonzalez, Avelino Cruz, Gen. Generoso Senga ng AFP at Gen. Arturo Lomibao ng PNP.

Desperadong manatili sa poder na inagaw sa pamamagitan ng malawakang pandaraya at pagwaldas sa pondong publiko, ginagamit ng naghaharing rehimeng Arroyo ang hubad na pasistang terorismo para paralisahin at disorganisahin ang mga ligal na demokratikong partido at organisasyon at iba pang masugid na nagtataguyod ng pagpapatalsik sa huwad na pangulo.

Ang mga biktima at mga pamilya nila ay hindi kailanman makakaasa ng katarungan mula sa pasistang pulisya at militar, kongreso at iba pang ahensya ng reaksyunaryong estadong pinamumugaran ng mga utak, tagapagtaguyod at tagapagtakip sa kampanya ng pamamaslang.

Obligasyon ng Partido Komunista at Bagong Hukbong Bayan na kamtin ang rebolusyonaryong katarungan para sa kanila. Gagawin ng Partido at hukbong bayan ang abot-kaya para papanagutin sa katarungan at parusahan ang mga pasistang kriminal na nagpakana, nag-utos at nagsagawa ng buktot

na pamamaslang.

Nananawagan kami sa lahat ng biktima, mga simpatisador nila at lahat ng naghahangad na pigilan ang naninibasib na mga pasistang nasa kapangyarihan na magbigay ng mga impormasyon at aktibong

tumulong sa iba't ibang paraan para matukoy, maikahon, madakip at maparusahan ang mga pasistang kriminal mula sa mga utusang triggerman hanggang sa pinakamataas na mga utak at controller. Mahigpit na ililihim ng Partido at hukbo ang identidad ng lahat ng tutulong at pangangalagaan ang kanilang kaligtasan.

Walang pasistang kalupitan at kabuktutang maaaring makapagpalug-

mok at makapagpayukod ng sambayanan sa mga pasista, papet at tiranong malaki at maliit na naghahari-harian sa bansa. Tanda ng matinding takot at desperasyon, hindi ng lakas, ang pasistang kaululan ng rehimeng masidhing kinasusuklaman ng malawak na masa ng sambayanan. Lalo lamang pinalalalim ng pasistang pangkating Arroyo

ang hukay na kanilang kinasasadlakan at kalilibingan.

Lubos na nasa demokratikong karapatan ng mga ligal na partido, organisasyong masa at alyansa na igiit at ipaglaban ang kanilang lehitimong karapatang mag-organisa, magpahayag at makitunggali sa ibang partido at pwersa sa loob ng mga tuntunin at proseso ng reaksyunaryong naghaharing sistema.

Sa pamamagitan ng garapal na paglabag sa mga batas at proseso ng reaksyunaryong sistema mismo, lalong ini-

> lalantad ng mga sagadsaring reaksyunaryo at pasista ang kanilang tunay na katangiang antidemokratiko, antimasa at antinasyunal.

Habang lalong naguulol sa pamamaslang

at panunupil sa mga ligal na organisasyon at personalidad ang mga armadong galamay ng reaksyunaryong estado, dapat lalo lamang palawakin at palakasin ang pakikibaka para ibagsak ang pasista at papet na rehimeng Arroyo. Kailangang pursigidong palawakin pa ang alyansa ng mga pwersang anti-Arroyo, palakasin ang mga protesta at pakikibakang masa at paigtingin ang mga kampanya at pakikibaka sa lahat ng larangan para mas mabilis na tapusin ang rehimen at ang pinamamayani nitong terorismo at kasakiman.

Higit kailanman sa nakaraan, lalong malinaw na nakikita ngayon ng masang binubusabos at inaapi ang mahigpit na pangangailangang isulong at paigtingin ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Tanging armadong rebolusyon ang makapagpapabagsak sa bulok na reaksyunaryong sistemang malakolonyal at malapyudal at, sa gayon, ang ganap na solusyon sa napakatagal nang krisis na labis-labis na ang idinulot na pagdurusa sa mamamayan at bansa.



Taon XXXVII Blg. 11 Hunyo 7, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

anabayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Parusahan ang mga pasista	1
Oplan Bantay Laya	3
Mga hari ng kasinungalingan	4
Pasismo ng rehimen sa Central Luzon	6
Pananalanta ng pasistang estado	7
Interbensyong militar ng US	8
Bulok na serbisyo sa edukasyon	9
Sumisirit na mga singil sa eskwela	10
Batas sa dagdag-sahod, inipit	10
Gawaing pangkultura bilang armas	11
Sa ibayong dagat	
Masaker sa Iraq	12
Masaker sa Afghanistan	12
Matatagumpay na TO	
Sa Kalinga	13
Sa Mindoro, Agusan at Zamboanga	13
Sa Sorsogon	13
Balita	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Maruming digma ng US at ng rehimeng Arroyo

ng serye ng pamamaslang at pagdukot sa mga ligal na personalidad at pangkalahatang pananalakay ng rehimeng US-Arroyo sa mga pwersa ng ligal na demokratikong kilusan ay susing bahagi ng kasalukuyang ikinukumpas na *operational plan* ng Armed Forces of the Philippines—ang Oplan Bantay Laya (OBL).

Gayon na lamang ang bagsik ng atake ng militar sa mga progresibo at demokratikong pwersa na pinalalabas nilang bahagi ng "pampulitikang imprastruktura" ng rebolusyonaryong armadong kilusan. Mula 2001, at laluna simula 2003, puspusan nitong tinututukan ang mga pinaghihinalaan nitong "simpatisador" ng PKP, BHB at NDF. Partikular sa larangan ng paniktik, diin ng AFP ang pag-iipon ng datos tungkol sa mga target na personalidad, laluna ang mga lider ng mga organisasyong masa at mga alvansa na tinagurian ng OBL bilang mga "ligal na prente ng NDF." Matapos makaipon ng datos ay ipinapasa ito sa mga yunit taktikal at pangkombat na siyang magbabalangkas ng mga order of battle (o talaan ng mga target na likidahin).

Sa gayong kalakaran, hindi importante sa kaaway na pag-ibahin ang trato sa mga armado at di armado o lihim at hayag na organisasyon. Sistemang kota rin ang ipinatutupad ng ISAFP sa mga pinamumunuan nitong Military Intelligence Group sa likidasyon ng mga target na personalidad.

Bakas sa iba't ibang internal at pampublikong dokumento ng AFP ang gayong mga plano. Pinakatampok dito ang isang dokumento na pinamagatang "Knowing the Enemy" (Pagtukoy sa kaaway) na pinalaganap sa hanay ng mga sundalo noong 2005. Dito'y pinangalanan ng AFP bilang mga "katuwang" ng PKP ang mga organisasyong tulad

ng Bayan at Bayan Muna. Tinukoy na tungkulin ng AFP ang nyutralisahin ang anda-andana ng mga alyansa na lumilikha umano ng "kundisyon ng re-

bolusyon". Halos ga-BANTAY LAYA nito rin ang laman ng libro nq NOLCOM(Northern Luzon Command) na pinamagatang Trinity of War 3 na nagsisilbing qabay para sa mga field unit commanders ng AFP. Idinidiin nito and ideya na para magapi ang BHB, kailangang gapiin din ang tinatamasa nitong suportang masa.

Mas maaga pa, noong 2004, nag-isyu ang AFP ng dalawang internal na dokumento: ang "Target Research on Sectoral Organizations" at ang "Institutionalizing the Conduct of Target Research as a Major Component in the Intelligence Project Preparation, in Particular, and Intelligence Cycle Process, in General." Isinasaad ng dalawang dokumento na target ng paniniktik ng militar at pulisya ang mga ligal na organisasyong masa at progresibong organisasyong partylist.

Ang pamamaslang ng mga death squad ng AFP ay kopya sa mga pamamaraan at taktika ng US Special Forces na tinaguriang "new operational arts." Ito ang nagsisilbing gabay sa mga sikretong operasyon ng mga commando unit ng US sa iba't ibang bansa. Dito nakasaad ang mga paraan at taktika ng mga espesyal na pwersa ng US para ipatupad ang mga sikretong pamamaslang at pagdukot sa mga patriyotikong pwersa, gayundin sa mga kalaban ng mga lokal na tuta nito. Ang konseptong ito'y ibayong pinaunlad, pinondohan at itinulak sa balangkas ng 2006 Quadrennial

> Defense Review ng US na nananawagang paramihin at ibayo pang palaganapin and mga espesyal pwersa at espesyal na operasyon sa pagharap ng US at mga kaalyado nito sa "di-estado" o "di tradisyunal" na mga ban-

> > Ang kon-

septong ito'y na-

unang nagsilbing operasyunal na balangkas sa likod ng Operation Phoenix, isang kampanya ng pasistang lagim na inilunsad ng US sa Vietnam noong 1967-74 at kumitil sa buhay ng humigit-kumulang 400,000 Vietnamese. Pinalalaganap din ito ng mga operasyon ng CIA at Pentagon sa iba pang bahagi ng Asia; sa South at Central America tulad ng Nicaragua, El Salvador at Guatemala; sa Yugoslavia; at mga bahagi ng Africa. Tu-

mampok ang Salvadoran Option na bersyon nito sa panahon ng digmang sibil sa El Salvador, Bago ito, ipinatupad naman sa Germany, Italy, Norway, Greece at iba pang bansa sa Europe matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang Operation Gladio. Nasa ubod ng mga operasyong ito ang paniniktik, paqbubuo ng listahan ng mga mamanmanan at tutugisin at pag-iipon ng impormasyon tungkol sa pinaghihinalaan nilang mga komunista at simpatisador, at paglulunsad ng mga asasinasyon, paqdukot at pananakot sa mga ito.

Habang regular pang mga tropa ng US ang nagpatupad ng Operation Phoenix, binuo at sinulsulan ng US ang anti-komunistang mga grupo sa Europe at kinasangkapan ang mga lokal na pwersang ito para puksain ang mga komunista sa Europe. Gayundin, sa Salvadoran Option, di palaging unipormado o may identipikasyon, at hindi laging mga tropa ng US ang nagsasagawa ng pang-eespiya, nagtutukoy at naglilista ng mga target at nagsasagawa ng mga asasinasyon.

Ang mga operasyong ito na siyang tinutularan ng Oplan Bantay Laya ay pawang walang pakundangan at walang sinasantong mga karapatan. Ginagamit nito ang mga paraang tahasang labag sa mga internasyunal na alituntunin sa digma.

Ipinagpapalagay ng Oplan Bantay Laya na sa pamamagitan ng pagbira sa mga lider at aktibista ng hayag na patriyotiko at demokratikong kilusang masa ay mawawasak ang sinasabing pampulitikang imprastruktura ng rebolusyonaryong kilusan. Subalit magtatagumpay lamang ito sa isang bagay: ang ibayong pasiklabin ang galit ng mamamayan at itulak sila sa landas ng armadong rebolusyon.



Norberto Gonzales at Raul Gonzalez

### Mga hari ng kasinungalingan

aakibat ng brutal na mga pasistang atake ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan ang paghahabi ng mga kasinungalingan at madugong pang-iintriga laban sa rebolusyonaryong kilusan at mga pwersang lumalaban sa rehimeng Arroyo. Layunin nitong pagtakpan ang mga kriminal na pananagutan ng rehimen; bigyang-matwid ang mga hakbanging mapanupil; siraan, hatiin at idiskaril ang mga pwersang lumalaban sa rehimen; at pahinain ang determinasyon ng mamamayan na lumaban.

Pinakamaingay sa kampanyang saywar ng rehimen sina National Security Adviser Norberto Gonzales at Justice Secretary Raul Gonzalez. Si Norberto Gonzales at iba pang kasapi ng Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COC-IS) and nagbabalangkas ng kampanyang ito. Si Raul Gonzalez naman ang siyang namamahala sa pagluluto ng mga kaso, pamemresyur sa mga hukom at pagpapakana ng mga paraan para baluktutin ang reaksyunaryong batas upang bigyang-matwid ang pagtugis sa mga kalaban ng rehimen.

Sumusunod sa kanilang kumpas ang mga tagapagsalita ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP). Anuman ang kanilang sabihin, iyon ay uulitin at palalawigin ng mga upisyal militar, na gagawa ng mga ebidensya mula sa kanilang "intelligence reports" bilang "patunay" sa mga hinahabing istorya ni Gonzales.

Madugong pang-iintriga. Para umiwas sa responsibilidad nito sa pamamaslang, pilit na ibinibintang ng rehimeng Arroyo na ang mga iyon ay kagagawan ng mga armadong rebolusyonaryo at bahagi ng pinalalabas nitong "purgahan" sa hanay ng PKP at BHB. Binuo pa nito ang "Task Force Usig" upang maglunsad ng "imbestigasyon" para lamang palabasing wala itong kinalaman sa mga pagpa-

tay. Hindi pa man nito nasisimulan ang imbestigasyon ay ipinagkalat na ng PNP ang intriga na hindi umano bababa sa 13 sa mga pinaslang na lider at myembro ng mga progresibong organisasyon mula noong 2001 ang biktima ng "pagpupurga" sa hanay ng PKP at BHB.

Ito ang ginamit na palusot ng rehimen upang maghugas-kamay sa pagpatay kay Sotero Llamas kama-kailan. Malisyosong pinagbintangan ng rehimen ang rebolusyonar-yong kilusan na pinalala-

bas na galit kay Llamas, gayong wala namang naganap na malaking hidwaan sa pagitan ng rebolusyonaryong kilusan at ni Llamas. Hindi raw nila target si Llamas, sabi ng Malakanyang,

dahil "tumutulong siya sa gubyerno sa pamamagitan ng pagiging
konsultant sa usapang pangkapayapaan." Ngunit si Llamas ay naging konsultant ng NDFP at hindi
ng gubyerno. Sa bali-balikong lohika ng Malakanyang, hindi rin nito
maipaliwanag kung bakit ang isang
pilit nitong pinalalabas na "kaibigan" ay kabilang sa 49 kataong kinasuhan nito ng rebelyon at pagkakasangkot sa kudeta.

Pinalalabas din ng AFP na ang PKP-BHB ang utak sa pagpaslang kay Noel Capulong, pangalawang pangkalahatang kalihim ng Bayan Muna sa Southern Tagalog.

Pinabubulaanan ng mga kamag-anak, kasamahan at kababayan nina Capulong at Llamas ang mga intriga at kasinungalingan ng mga pasistang tagapagsalita ng AFP. Maging ang imbestigasyon ng PNP sa Albay ay tumuturo sa isang operatiba ng ISAFP sa pagpatay kay Llamas.

Tinarget din ng intriga si Romeo Sanchez, *coordinator* ng Bayan Muna sa Ilocos na pinaslang noong Marso 2005. Nilikida raw siya ng BHB bilang bahagi ng pagtugis sa mga rebisyunistang taksil, anang 5th ID. Kasunod nito ay hinabi ng tagapagsalita ng 502nd Brigade (Bde) ang kasinungalingan na sina Elena Mendiola at Ricardo Balauag ng Bayan Muna na pinaslang noong Mayo 10 sa Echague, Isabela ay binaril daw ng BHB. Taliwas ito sa pahayag ng mga saksi na namukhaan nila ang isa sa mga berdugong pumatay kina Mendiola na sundalong nakabase sa kampo ng AFP sa

Barangay Soyung,

Echague.

Matapos ito, ginatungan na na-man ni Norberto Gonzales ang bula-ang paratang tungkol sa "pagpupurga" nang ianunsyo niya noong Mayo 21 na natagpuan

umano sa tatlong bayan ng Bukidnon ang libingan ng 18 kataong pinatay daw ng BHB. Agad-agad na nalantad ang kasinungalingan ni Norberto Gonzales nang pabulaanan ito ni Gob. Jose Ma. Zubiri at ng mismong 403rd Bde na siya umanong pinagmulan ng impormasyon.

"Asasinasyon kay Arroyo". Kasabay nito, gumawa ng kwento ang Malakanyang tungkol sa umano'y planong asasinasyon kay Arroyo at ilan niyang susing upisyal. Upang magmukha itong totoo, ihaharap sana ng AFP si Philip Limjoco, isang inaakusahang kasapi ng BHB na dinukot ng mga operatiba ng AFP noong Mayo 7. Patuloy na itinatangging iharap sa publiko si Limjoco at patuloy na tinotortyur upang pwersahing magpagamit sa saywar ng rehimen.

Sa kabiguang gamitin si Limjoco, iniharap ng AFP sa midya ang sibilyang si Delfin de Guzman na hinuli nila sa kanyang bahay sa Norzagaray, Bulacan noong Mayo 11, itinago at inilitaw lamang makaraan ang sampung araw. Pinalalabas nilang siya ang pinuno ng Special Operations Group (SOG) ng BHB at kalihim ng komiteng prubinsya ng PKP sa Bulacan.

Hinahabi ang mga kasinungalingang ito upang idawit ang mga pwersang lumalaban sa rehimen. Matapos iharap si de Guzman, dinukot, itinago at tinortyur ng mga elemento ng ISAFP ang limang lider ng maka-Estradang Union of the Masses for Democracy and Justice (UMDJ). Napilitan silang ilitaw ang mga ito matapos ang tatlong araw pero kasabay nito'y kinasuhan sila ng rebelyon at ang isa sa kanila, na itinuro raw ni de Guzman ay inakusahan ng pagkakasangkot sa umano'v planong asasinasyon. Gayunman, aroganteng tumatanggi ang AFP na paharapin sa imbestigasyon ng Senado ang mga operatibang nagsagawa ng pang-aaresto at pagtortyur. At maging ang pagtutukoy lamang ng pangalan ng mga nagsagawa ng mga ito ay itinatanggi ng AFP.

Panggigipit sa PGBI. Para makapaghasik ng intriga sa hanay ng mga pwersang anti-Arroyo at wasakin ang kanilang pagkakaisa, pilit ding idinadawit ng rehimeng Arroyo sa mga pamamaslang ng mga aktibista at taong-midya si dating Sen. Gregorio "Gringo" Honasan at ang pinamumunuan niyang Philippine Guardians Brotherhood, Inc. (PGBI)

Pinaratangan ni Police Director Marcelo Ele, deputy chief ng Task Force Usig, na myembro raw ng PG-BI ang isang Rommel Lirazana. Si Lirazana ay isa sa mga tinukoy nitong suspek sa pagpatay noong kalagitnaan ng Mayo kay Albert Orsolino, litratista ng dyaryong Saksi. Patunay daw nito ang nakita nilang sweat shirt ng PGBI sa mga kagamitan ni Lirazana. Idinagdag pa ni Ele na kagagawan din ng PGBI ang pagpatay kay Llamas at marami pang iba. Mariing itinanggi ng PG-BI na myembro nila si Lirazana.

## Mga pasistang krimen ng rehimeng US-Arroyo sa Central Luzon

akapanayam ng *Ang Bayan* noong Mayo si Salud Roja, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Central Luzon (CL), tungkol sa sunud-sunod na pamamaslang ng mga *death squad* ng rehimeng US-Arroyo sa rehiyon. Isa ang Central Luzon sa mga rehiyong may pinakamaraming kaso ng mga pamamaslang at pagdukot sa buong bansa.

Umaabot na sa 109 ang mga kaso ng pamamaslang, bigong pamamaslang at pagdukot sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon sa Central Luzon. Noong 2005 lamang, umabot sa 71

ang mga kaso. Mula Enero hanggang Mayo nitong taon, umaabot na sa 37 ang biktima ng pamamas-

lang sa rehiyon.

Napakatindi at napakabrutal nq mga pamamaslang sa Central Luzon mula nang itakda itong prayoridad na rehiyon ng pambansang pamunuan ng AFP. "Mula sa Southern Tagalog noong 2001-2004, ibinaling ng AFP ang pokus nito sa Eastern Visayas at Central Luzon mula ikalawang hati ng 2004 hanggang kasalukuyan," ayon kay Ka Salud.

Lalo pang umigting ang mga pasistang pang-aatake sa rehiyon mula nang italaga rito ang dalawa sa pinakamasusugid na pasistang berdugo: sina Maj. Gen. Jovito Palparan ng 7th ID at Maj. Gen. Romeo Tolentino ng Northern Luzon Command (NOLCOM).

Mayorya ng mga biktima ng rehimen ay mga magsasaka. "Sila ang bumubuo ng 62% ng mga kaso noong 2005, at 83% nitong unang kwarto ng 2006," ani Ka Salud. May makabuluhang bilang din ng mga biktima mula sa uring manggagawa at malamanggagawa (13%) at mga

> panggitnang uri (25%) noong 2005.

Sa buong
Central Luzon, prayoridad ng AFP ang
mga sumusunod na
lugar batay sa hinalang saklaw ng
mga larangang

gerilya ng BHB

ang mga ito:
Hacienda Luisita sa
Tarlac; timog-silangang bahagi ng Pampanga, sa partikular
ang bayan ng Mexico;
silangang bahagi ng

Bulacan, sa partikular ang kulumpon ng mga bayan ng San Miguel at San Ildefonso; at ang eryang Guimba-Cuyapo sa Nueva Ecija.

Ang mga lugar na ito ay pinakatan ng di kukula-

ngin sa tig-isang batalyon ng mga Special Operations Team, maliban pa sa CAFGU. "Hindi ito kasindami ng anim na batalyong ipinakat sa buong Mindoro, at walong batalyon sa Batangas noong 2002-2004. Pero sa katangian ng mga eryang pinopokusan kung saan patag ang kalupaan at relatibong masinsin at matao ang mga baryo, kahit isang batalyon lamang ay nagdudulot na ng matinding pinsala sa mamamayan," ani Ka Salud.

Sa sampung baryo ng Hacienda Luisita lamang, humigit-kumulang isang batalyon na ang itinalaga ng AFP. Gayundin, isang batalyon ang idineploy nito sa 23 sa kabuuang 44 na baryo ng Mexico, Pampanga. "Sa apat na prayoridad na erya ikinonsentra ang kalahati ng kabuuang bilang ng mga regular at espesyal na pwersa ng AFP na nakatalaga sa rehiyon," ayon kay Ka Salud.

Hindi kataka-taka na sa mga lugar na ito pinakamalaki ang bilang ng mga kaso ng pamamaslang, pagdukot at pagtortyur. "Kung pagsasama-samahin, 90% ng kabuuang bilang ng mga kaso noong 2005 at 77.5% nitong unang kwarto ng 2006 ang naganap sa Nueva Ecija, Bulacan, Tarlac at Pampanga," paliwanag ni Ka Salud.

Bukod rito, mayroon ding tatlong kaso ng panununog, pitong kaso ng iligal na pang-aaresto at detensyon at 223 kaso ng pananakot at panghahalughog sa iba't ibang baryo sa buong rehiyon.

"May sapat na ebidensya ang Partido at BHB sa CL laban sa mga upisyal at yunit ng AFP at mga death squad na responsable sa mga kaso ng pagpaslang, pagdukot, pagtortyur, pang-aaresto at detensyon. Pagbabayaran ng mga ito sa takdang panahon ang mga krimen nila sa mamamayan," babala ni Ka Salud. Gayundin, may sapat na ebidensya na ang ilang elemento ng isang makapangyarihang pamilyang kabilang sa malalaking panginoong maylupa sa Tarlac ay nakikipagkutsaba sa militar, pulisya at mga upahang mamamatay-tao para sa pasistang pamamaslang. Nakasampa sa kinauukulang antas ng hukumang bayan ang kanilang mga kaso.



# Walang awat na pamamaslang at pang-aabuso

ala pa ring awat ang mga paglabag ng pasistang rehimeng Arroyo sa karapatang-tao. Bukod kina Sotero Llamas at "Erap 5," di bababa sa 21 katao ang naging biktima ng mga armadong galamay ng pasistang estado mula Mayo hanggang unang linggo ng Hunyo.

ang dalawang motorsiklo.

Hunyo 4. Pinaslang ng isang nakabonet na lalaki na armado ng M16 sina David Costuna, 48 at Arcadio Macale, 60 sa Barangay Balud, Borongan, Eastern Samar. Si Costuna ay myembro ng Bayan Muna (BM) at si Macale ay isang lider magsasaka at tserman ng Barangay Balud. Malapitan silang binaril habang nakikipaglamay para sa inaanak ni Costuna. Tumakas sakay ng motorsiklo ang salarin.

Mayo 31. Dinakip, isang oras at kalahating isinailalim sa interogasyon at binantaang papatayin ng mga elemento ng 56th IB ang tatlong kabataang sina Mark, 18, Karen, 19 at Doreen, 20 sa Barangay Binagbag, Angat, Bulacan. Ang dalawang babae ay binantaan ding qaqahasain. Hinuli sila habang namumudmod ng mga polyetong pinamagatang "Hangad namin ay kapayapaan" na tumutuligsa sa mga abusong militar laluna mula nang maging hepe ng 7th ID si Maj. Gen. Jovito Palparan. Mga myembro sila ng Parish Youth Committee ng simbahang Katoliko sa kalapit na bayan ng Norzagaray.

Mayo 29. Pinaslang ng death squad ng AFP si Sotero Llamas, dating lider ng PKP-BHB sa Bikol at konsultant ng National Democratic Front sa usapang pangkapayapaan. Si Llamas, dati ring director for political affairs ng BM ay pinagbabaril habang nakasakay sa kanyang van sa Tabaco City, Albay. Sugatan din sa atake ang kanyang drayber. Tumakas ang mga berdugo sakay

Mayo 28. Dinukot ng mga elemento ng 61st IB sa Barangay Andulaan, Ilog, Negros Occidental sina Roberto Marapo, inaakusahang lider ng Larangang Gerilya 3 sa Negros at Dionelo Borres, isang magsasakang taga-Barangay Camindangan, Sipalay City. Ayon sa mga saksi, pilit isinakay ng apat na armadong lalaki ang mga biktima sa isang kulay pilak na van. Nakilala ang dalawa sa kanila na mga operatibang paniktik ng 61st IB. Hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw ng militar sina Marapo at Borres.

Mayo 27. Pinaslang ng dalawang armadong lalaking sakay ng motorsiklo si Noel Capulong, regional coordinator ng Bayan-Southern Tagalog at upisyal din ng BM. Pinagbabaril siya habang nagmamaneho ng kanyang dyip sa Parian Village, Calamba City. Si Capulong ang ika-258 na militante at pangapat nang nakatataas na lider ng Bayan na pinatay mula nang manungkulan si Arroyo noong 2001.

Mayo 22-25. Iligal na dinakip, itinago at tinortyur ng ISAFP ang limang lider ng Union of the Masses for Democracy and Justice (UMDJ). Inamin lamang ng AFP ang pagdakip sa kanila matapos ang dalawang araw. Inilahad ng lima sa midya ang pinaggagawa sa kanilang mga karahasan. Ayon sa

kanila, pinipilit silang sabihin sa publiko na BHB ang dumukot sa kanila at iniligtas lamang sila ng AFP. Ipinagpipilitan din ng AFP na ang isa sa kanila, si Ruben Dionisio, 60—na siyang dumanas ng pinakamatinding tortyur—ay myembro ng Special Operations Group ng BHB.

Mayo 16. Pinatay ng mga elemento ng 11th IB si Peter Angkon, organisador ng Anakbayan sa Hilatain Community High School sa Guihulngan, Negros Oriental. Tumakas ang dalawang salarin sakay ang isang motorsiklo.

Mayo-Hunyo. Patuloy and pagbabanta at mahiqpit na paqmamanman sa iba't ibang kilalang lider, organisador at tagasuporta ng mga progresibong pwersa. Iniulat ni Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na isang pulis and matamand sumusubaybay sa kanya mula May 2. Dalawang lalaking nakamotorsiklo and palagi ring nagmamanman kay Jobert Pahilga, abugado ni Cong. Rafael

Mariano ng Anakpawis at ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita. Sa Nueva Ecija, pinagbantaan noong Mayo 27-28 ng mga elemento ng 48th IB ang magamang pastor ng UCCP na sina Virgilio at Beatriz Perido nang hindi nila isuko ang anak ni Virgilio na si Aprilyn, isang organisador ng mga maralita sa lunsod. Mga di pirmadong sulat naman ang natanggap nina Fr. Renato Respicio ng Iglesia Filipina Independiente sa Sto. Domingo, Nueva Ecija at sekretarya nivang si Angelina Hasa na nagsasabing itiqil na nila ang pag-oorganisa sa mamamayan kung nais pa nilang tumagal ang kanilang buhay. ΑB

# Pagpapatindi ng armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

apat aktibong labanan ng mamamayang Pilipino ang kasunduang nagbuo ng Security Engagement Board (SEB). Ang kasunduang nilagdaan ng gubyernong US at rehimeng Arroyo noong Mayo 24 ay panibago na namang pagyurak sa pambansang soberanya ng Pilipinas. Nagbubunsod ito ng ibayong paglawak ng armadong panghihimasok ng US sa bansa at lalo pa nitong pinagmimistulang malaking base militar ng US ang buong Pilipinas.

Ang SEB ay konsultatibong grupo na pamumunuan ng Chief of Staff ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Commander ng US Pacific Command na mangangasiwa sa "tulungang panseguridad" ng US at Pilipinas alinsunod sa pinasaklaw na depinisyon nito. Mula sa dating "tradisyunal" na mga usaping panseguridad na pumapatungkol sa mga eksternal na bantang militar na sinasaklaw ng Mutual Defense

USARMY

Treaty (MDT) ng 1956, sasaklawin na ng bagong kasunduan pati ang "di tradisyunal" na mga banta tulad ng terorismo, kalakalan ng droqa, pamimirata at mga kalamidad tulad ng baha, bagyo, lindol at epidemya.

Biglang pumasok ang mga bagong depinisyon at usaping ito matapos iutos ng US Department of

> Defense ang pagtutugma ng mga kasunduang panseguridad ng US at mga papet na estado nito sa bagong

pandaiqdiqanq estratehiyanq militar ng US na nakasaad sa 2006 Quadrennial Defense Review (QDR). Ayon sa QDR, mas malaki ngayong diin ang ibibigay ng mga pwersang militar ng US sa "gera laban sa terorismo at mga iregular na aktibidad sa pakikidigma, kabilang ang matagalang di kumbensyunal na kontra-terorismo, pakikidigma, kontra-rebolusyon at suportang militar para sa pagpapatatag at rekonstruksyon."

Sa pagdaragdag ng mga "di-tradisyunal na usapin," na karamiha'y walang direktang kinalaman sa sequridad o usaping militar, inalis na ang lahat ng posibleng hadlang sa pagpasok at operasyon ng mga tropang pangkombat ng US sa alinmang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas. Sa gayon ay lalo pang mapalalawak at mapatitindi ang panghihimasok-militar ng US sa bansa at mas malalabanan ang mga rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya at iba pang anti-imperyalistang pakikibaka sa iba't ibang bansa, na pangunahing tinututukan ng QDR.

Sikretong pinaspasan ng US at ng papet nito ang bagong kasunduan at ang pagbubuo ng mangangasiwa ritong SEB lingid sa kaalaman ng Senado at ng publiko. Inianunsyo na lamang ito matapos itong mabuo. Ikinatwiran ng Malakanyang na dugtong lamang ito sa Mutual Defense Treaty at hindi ito bagong tratadong kailangang pagtibayin ng Senado. Sa gayon, inikutan ng rehimeng Arroyo ang probisyon sa konstitusyon ng reaksyunaryong estado na nag-oobligang repasuhin at ratipikahan muna ng Senado ang mga internasyunal na tratado at kasunduan bago magkabisa ang mga ito.

> Ang SEB ang pinakahuli lamang sa mga instrumento ng US mula noong kalagitnaan ng

ANG BAYAN Hunyo 7, 2006

ang interbensyong militar nito sa bansa. Isinangkalan ang Abu Sayyaf noong dekada 1990 para muling makapagpapasok sa bansa ng mga tropang pangkombat ng US sa balangkas umano ng MDT at ng Visiting Forces Agreement. Ito'y kahit internal na usapin pa rin ang Abu Sayvaf dahil isa lamang itong bandidong grupo na nagsasagawa ng kidnap for ransom sa Mindanao. Kunwa'y nagbibigay lamang ang mga pwersa ng US ng mga pagsasanay at payo sa mga tropang Pilipino at nagbibigay ng "humanitarian assistance" sa mamamayan sa mga lugar na saklaw ng Abu Sayyaf. Pero ang totoo'y lumalahok din sila sa mga operasyong pangkombat.

Mula noon ay naqpapasok din sila ng mga armadong pwersa ng US kung saan walang tukoy na "tradisyunal" na banta sa seguridad at ang gamit na komoplahe ay "joint military exercises" at "humanitarian mission." Bukod sa mga erya ng Abu Sayyaf, sinaklaw na rin ng mga tropang Amerikano ang mga pinaghihinalaang larangang gerilya ng BHB. Isinangkalan ng rehimen at ng US noong huling kwarto ng 2004 ang pangangailangan ng tulong ng mga nasalanta ng pagguho ng lupa at ng dalawang malalakas na bagyo sa Aurora at sa hilagang Quezon at nitong Pebrero 2006 sa Southern Levte. Kunwa'y nag-operasyong sibiko pero sa aktwal ay naniktik, nagmapa at nagpamilyarisa sila sa lugar at nagpasa ng datos paniktik at payong militar sa mga pwersa ng AFP na naglulunsad ng mga operasyong militar laban sa mga rebolusyonaryong pwersa roon.

Ang pagkakabuo ng SEB ay hudyat ng ibayong pagtindi ng armadong intebensyon ng US sa Pilipinas laluna sa harap ng kabiguan ng rehimeng Arroyo na sugpuin ang patuloy na paglakas ng rebolusyonaryong armadong kilusan.



Serbisyo ng inutil na rehimen

## Kulang na silid-aralan, kakarampot na badyet

aun-taon, dinaranas ng mga mag-aaral ang pabigat nang pabigat na mga suliraning hindi nilulutas ng rehimen. Pinapasan nila ang mataas na mga bayarin, kakulangan ng mga klasrum, guro, aklat at mga pasilidad. Sa harap ng mga ito, may gana pang ipagmalaki ng rehimen na lutas na ang ilang problema, tulad ng kakulangan sa mga silid-aralan.

Kulang na kulang na mga silid-aralan. Sa harap ng midya, kinastigo ni Gloria Arroyo nitong Mayo 30 si Acting Department of Education (DepEd) Sec. Fe Hidalgo sa isang pulong ng gabinete. Ang dahilan, ikinagalit ni Arroyo ang pag-uulat ni Secretary Hidalgo na 6,832 and kuland na silid-aralan. Ayon kay Hidalgo, nakabatay ang kanyang ulat sa istandard na 45 mag-aaral sa bawat isang klasrum. Matagal nang istandard sa papel ng DepEd at ng dating Department of Education, Culture and Sports ang tumbasang 45:1.

Kaagad na binara ni Arroyo si Hidalgo sa pagsasabing mali ang datos nito. Ayon kay Arroyo, nagkaisa na sila ni Hidalgo na remedyuhan ang problema sa klasrum sa pamamagitan ng pagtataas sa bilang ng mga estudyante sa bawat klasrum tungong 100 sa pamamagitan ng pagkakaroon ng double shifts (ibig sabihin, dalawang klase ang gagamit sa isang silid-aralan nang tig-kakalahating araw.) Sa pagsisiksik ni Arroyo sa mga mag-aaral sa mga klasrum, aabot na lamang daw sa 1,000 ang kulang.

Dahil sa pagkastigo sa kanya ni Arroyo, kinahapunan ay agad na binawi ni Hidalgo ang nauna niyang pahayag sa midya at sinabing wala nang kakulangan sa mga silid-aralan.

Subalit ayon kay dating DepEd Usec. Juan Miguel Luz, ang aktwal na kakulangan sa klasrum ay 74,115, batay sa istandard na 45 mag-aaral sa bawat isang klasrum (single-shift o isang klase sa buong maghapon). Ayon kay Luz, ang datos ni Hidalgo na 6,832 kulang na silid-aralan ay batay na sa kaayusang dalawang klaseng tig-50 estudyante sa maghapon.

Bukod sa kakulangan ng mga silid-aralan, napakarami ring mga klasrum na sira-sira na at hindi na ligtas gamitin. Ayon sa Third Elementary Education Project (TEEP) ng DepEd, 6,098 lamang ng 55,778 klasrum sa 23 prubinsya noong 1999 ang nasa maayos na kalagayan at 7,098 sa mga sirang klasrum ay hindi na pwedeng ayusin. Umabot lamang sa 14,184 ang naayos sa kabuuang 42,582 klasrum na dapat kumpunihin pagsapit ng Hunyo 2005.

Kakarampot na badyet para sa edukasyon. Naglaan lamang ang rehimen ng ₱119.1 bilyon para sa DepEd sa pambansang badyet ngayong taon. Mas malaki umano ito nang ₱7.1 bilyon kumpara noong 2005. Subalit ang totoo, bumaba nang 27.9% ang bahagi ng edukasyon sa badyet noong 2005 kumpara noong 2004.

Ipinagmamalaki ni Budget Sec.

### Sumisirit na mga singil sa eskwela

Siyamnapu't pito sa 270 pribadong kolehiyo at unibersidad sa Metro Manila ang nagtaas ng matrikula at iba pang bayarin para sa kolehiyo ngayong pasukan. Samantala, umabot sa 52 hayskul ang nagtaas ng matrikula nang 10% sa Manila, Quezon City at sa iba pang syudad ng Kamaynilaan.

Sa Bikol, 24 na kolehiyo at unibersidad ang pinayagang magtaas ng matrikula sa abereyds na 13.7% o ₱44.70 kada yunit. Sa Caraga Region naman, 34 sa 53 kolehiyo sa apat na prubinsya nito ang nagtaas ng matrikula sa minimum na 7.6%. Sa Baguio City, pito sa 14 na kolehiyo at unibersidad ang nagtaas ng mga bayarin. Umaabot sa 458 o 32% ng kabuuang 1,465 pribadong kolehiyo ang nagaplay para magtaas ng matrikula ngayong taon.

Ayon sa Commission on Higher Education (CHEd), pinapayagang magtaas ng matrikula nang walang konsultasyon ang mga eskwelahan nang hindi lalampas sa upisyal na datos ng implasyon, na sa kasalukuyan ay 7.6%. Sa aktwal, lisensya lamang ito sa mga eskwelahan na magtaas ng matrikula taun-taon.

Sa taas ng kanilang kita, di bababa sa walong pribadong eskwelahan ang kabilang sa Top 1,000 Corporations sa Pilipinas. Ito ang Centro Escolar University, Mapua Institute of Technology, Far Eastern University, University of the East, Philippine Maritime Institute, Technological Institute of the Philippines, AMA Computer University at STI College.

Rolando Andaya Jr. na maglalaan umano ang gubyerno ngayong taon ng ₱17 bilyon para sa mga bagong klasrum at guro sa pampublikong mga eskwelahan. Pinakamalaki umano itong alokasyon sa loob ng ilang taon. Subalit kung titingnan kung saan nakatalaga ang prayoridad ng pamahalaan sa ₱1.05 trilyon pambansang badyet para sa 2006, tumataginting na ₱723 bilyon ang awtomatikong alokasyon para sa bayad-utang.

Ayon sa TEEP, nagkakahalaga ng ₱442,800 ang pagpapagawa ng isang klasrum na may 63 metro kwadradong sahig, pintado, may kisame at linya ng tubig at kuryente. Kung ito ang gagawing batayan sa paggawa ng kulang na 74,115 silid-aralan, lalabas na mangangailangan ng ₱32.08 bilyon—na napakaliit kumpara sa ₱723 bilyong pambayad ng utang ng bansa.

Umaabot lamang sa 2.4% ng GDP (gross domestic product) ang inilalaan ng gubyerno para sa edukasyon kumpara sa 4.41% inilalaan ng ibang bansang kapantay ng Pilipinas ang antas ng kaunlaran, ayon sa United Nations.

### Batas sa dagdag-sahod, inipit

Sinabotahe ng maka-Arroyong liderato ng Kongreso ang napipinto na sanang pagpapasa ng panukalang batas sa ₱125 dagdag na sahod sa pamamagitan ng pagbimbin ng pag-iimprenta nito para hindi na ito makahabol sa ikatlong pagbasa bago magsara ang Kongreso ngayong Hunyo 7.

Gayundin, hindi pa man lubusang naipapasa sa Kongreso ay nagbanta na ang Malakanyang na hindi nito susuportahan ang panukalang batas kahit pinalabnaw na ito. Ayon sa panukala, ibibigay nang hulugan ang dagdag-sahod sa loob ng tatlong taon. Iginigiit pa rin ng Malakanyang na idaan ang anumang desisyon hinggil sa umento a mga anti-manggagawang *regional wage board*.

Kung tutuusin, matanggap man ng mga manggagawa nang buo ang ₱125 karagdagang sahod na patuloy na ipinagmamaramot sa kanila ay kulang na kulang pa rin ito. Ayon mismo sa mga ahensya ng gubyerno, sa Metro Manila ay ₱640 na ang kinakailangang minimum na arawang kita ng isang anim-kataong pamilya para mabuhay nang disente.

# Pangkulturang pagtatanghal: Mabisang armas sa kampanyang masa

abisang armas sa pagsusulong ng rebolusyon ang sining at panitikan. Muli itong napatunayan sa isang kampanyang antipyudal na inilunsad ng BHB at isang pangkat pangkulturang kumikilos sa isang larangang gerilya sa Bikol noong 2003.

Matagumpay at sistematikong inilapat sa lugar ang maunlad at angkop na oryentasyon ng gawaing pangkultura sa isang kampanya para sa pagpapababa ng porsyento ng resiko\* sa produkto ng masang magniniyog sa erya.

Breyktru rin ito sa paggamit ng iba't ibang anyo ng sining at pagtatanghal upang pasiglahin ang kampanyang masa. Nagkaroon din ng buhay na karanasan ang pangkat at yunit ng BHB sa pagbubuo at pagpapagana ng mga grupong pangkultura sa lokalidad.

Bilang tugon sa kahilingang pampropaganda ng kampanya, isinama sa plano ang mga pagtatanghal sa rali at *vigil* na magaganap sa araw ng kumprontasyon sa komersyante. Bilang paghahanda, lumikha ng isang awit ang pangkat katuwang ang BHB—ang "Resikada" na humalaw ng tono mula sa isa sa mga pinakasikat na awit noon sa radyo, ang "Spaghetti Song."

Nagtipun-tipon ang kabataang myembro ng pangkat sa isa sa pinakakonsolidadong baryong saklaw ng kampanya. Nanguna ang pangkat sa pagtuturo ng awit at sayaw na itatanghal nila sa rali. Sa tulong ng ilang kasama mula sa BHB ay unti-unting nasanay ang mga myembro ng pangkat sa pag-iisip ng mga malikhaing pamamaraan upang pasiglahin ang kampanyang masa.

Naging tampok ang pagtatanghal ng mga kabataan sa unang rali na naganap sa maagang bahagi ng Setyembre 2003. Tandang-tanda ito ng masang magsasaka, at maging ng masmidya na nagkober sa

kampanya.

Sa unang pagkasa ay hindi agad pumayag ang komersyante sa iginigiit ng mga magniniyog na ibaba ang porsyento ng resiko mula mahigit 25% tungong 15%.

Dulot nito, binoykot ng masa ang komersyante. Binalak na rin ang ikalawang rali-kumprontasyon. Bukod sa kabataan, may ilan pang mga indibidwal mula sa lugar ang nagboluntaryong magtanghal dito. Tinulungan din ng pangkat at Hukbo ang ilang kabataan sa pagkanta ng mga awiting pangmagsasaka at pagbigkas ng tulang "Kung Tuyo na ang Luha mo, Aking Bayan" na isinulat ni Amado V. Hernandez.\*\*

Nagtagumpay ang mga magniniyog sa ikalawang kumprontasyon at napirmahan ang kasunduan sa pagpapababa ng resiko. Kasabay ng ugong na dulot ng tagumpay sa kampanya ang masiglang ugong ng ipinamalas na mga pagtatanghal ng mga kabataan at indibidwal sa lugar. Mula sa karanasang ito, mas naging malinaw sa pangkat at BHB ang papel ng sining sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong ga-

wain sa kanayunan.

Napagsilbi ito sa pagpapasigla ng iba pang mga kampanyang masa. Mula sa mga karanasang ito, napatunayan ang pagiging mabisa ng angkop na transpormasyon ng mga popular na anyo ng sining at paglalapat sa mga ito ng progresibo at rebolusyonaryong nilalaman. Muli ring napopularisa ang mga klasikong progresibo at rebolusyonaryong awitin at akda, gaya ng mga martsa at kundiman mula sa album na *Mga Kanta ng Rebolu*syong Pilipino at mga likha ng mga kilalang makatang sina Amado V. Hernandez at Carlos Bulosan.\*\*\*

Nagsilbing tuntungan sa pagpapalaganap ng angkop na oryentasyon ng pangkulturang gawain sa kanayunan ang mga leksyong nahalaw sa nasabing kampanya.

<sup>\*</sup>Ang resiko ang porsyentong arbitraryong kinakaltas ng komersyante sa presyo ng kopra dahil ang moisture content umano nito ay mas mataas sa istandard na 12%.

<sup>\*\*</sup>Si Amado V. Hernandez (1903-1970) ay makabayang lider-obrero at premyadong makata, nobelista at peryodista.

<sup>\*\*\*</sup>Si Carlos Bulosan (1913-1956), makata, kwentista at organisador ng mga unyon sa mga plantasyon sa US, ay kasama sa unang grupo ng mga migranteng Pilipinong nakipagsapalaran sa US noong dekada 1920 hanggang 1950. Naging kasapi siya ng Communist Party of the USA.



# 24 sibilyang Iraqi, minasaker ng US Marines

alawampu't apat na sibilyang Iraqi ang minasaker ng 12 kataong tropa ng US Marines at mga sundalong Iraqi sa syudad ng Haditha noong Nobyembre 19, 2005. Napagtakpan ito nang mahigit apat na buwan. Pero bunga ng pagpupursigi ng mga grupong nagtataguyod sa karapatang-tao ay nailantad ito sa internasyunal na midya.

Ang masaker ay reaksyon ng mga nagpapatrulyang elemento ng US Marines matapos tamaan at wasakin ng isang bombang nakalatag sa tabing kalsada ang kanilang sasakyang Humvee na nagresulta sa pagkamatay ng isang sundalong Amerikano. Kinabukasan, iniulat ng US Marines sa publiko na isang sundalong Amerikano at 15 sibilyang Iraqi ang tinamaan umano ng bomba at namatay. Bukod rito, walong rebeldeng Iraqi rin daw ang napatay sa naganap na labanan matapos ang pambobomba.

Nabunyag lamang ang katotohanan noong Enero 2006 nang padalhan ng isang estudyanteng Iraqi ng isang bidyo ang isang grupo ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa Iraq at ipinadala ito ng naturang grupo sa *Time Magazine*. Ipinakikita sa bidyo ang mga biktima sa morge at ang itsura ng mga bahay na pinangyarihan ng masaker. Malinaw na ang mga biktima ay pinagbabaril sa sarili nilang mga tahanan at hindi namatay sa pambobomba o sa labanan.

Una'y tinangka itong pagtakpan ng mga upisyal ng US sa pagsasabing propaganda lamang ito ng al Qaeda, subalit kalauna'y napilitan din silang maglunsad ng imbestigasyon.

Ayon sa isang artikulo sa *Time Magazine* nitong Marso, isinalaysay ng mga sibilyang nakaligtas sa masaker kung paanong nagwala ang mga sundalong Amerikano pagka-

matay ng kanilang kasamahan. Anila, pinagbabaril ng mga sundalo ang mga pasahero ng kalapit na taksi kung saan apat na estudyanteng Iragi ang napatay, bukod sa drayber ng taksi. Pagkatapos ay pinasok at hinalughog ng mga sundalo ang tatlong bahay na malapit sa pinangyarihan ng pagsabog at isa-isang binaril ang mga naninirahan doon, kasama ang isang grupo ng mga batang mula isa hanggang anim na taong gulang, isang babaeng 65 anyos at isang lalaking halos 80 anyos na nasa wheelchair. Matapos itong mailabas sa Time, walang nagawa ang militar ng US kundi aminin ang tinaguriang Haditha Massacre.

Bunga nito, sinuspindi ang mga battalion at company commander ng sangkot na yunit at kinasuhan ng murder at pambabaluktot ng mga ulat ang buong iskwad ng US Marines. Subalit walang parusang iginawad sa mas matataas pang upisyal militar ng US na siyang nag-utos na pagtakpan ang mga tunay na pangyayari.

Samantala, nabunyag din ang dalawa pang insidente ng pamamaslang ng mga sundalong Amerikano sa mga sibilyang Iraqi. Pinakahuli rito ang pagkakapaslang noong Mayo 27 sa dalawang babaeng Iraqi, kabilang ang isang buntis na malapit nang magsilang. Pinagbabaril ang kanilang sasakyan nang hindi ito agad nakahinto sa isang tsekpoynt sa syudad ng Samarra dahil sa pagmamadali nilang makarating sa ospital para makapanganak ang nagdadalantaong babae.

Bago ito, 11 sibilyan kabilang ang limang kabataan at apat na babae ang pinagbabaril noong Marso ng mga elemento ng US Marines sa bayan ng Ishaqi. Pagkatapos nito ay pinasabog ng mga sundalong Amerikano ang gusaling kinaroroonan ng mga biktima.

# 80 Afghani, pinatay ng mga sundalong Amerikano

 ${f D}$  i bababa sa 80 sibilyang Afghani ang naiulat na napatay ng mga sundalong Amerikano nitong Mayo 29.

Mga tatlumpung sibilyan ang nasawi nang pagbabarilin ng mga mapanakop na pwersa ng US ang daan-daang demonstrador sa syudad ng Kabul, kabisera ng Afghanistan. Ipinakita sa mga litratong kuha ng istasyong Al Jazeera ang pamamaril ng mga sundalong Amerikano sa mga sibilyang bumabato sa mga armored personnel carrier (APC) ng US bilang protesta sa pananakop ng mga Amerikano sa kanilang bansa.

Sa katimugang bahagi ng Afghanistan, iniulat din na hindi bababa sa 50 katao ang namatay nang bombahin ng mga eroplano ng US ang isang moske sa prubinsya ng Helmand.

### 3 riple nasamsam, 5 sundalo napatay sa Kalinga

Limang sundalo ang napatay at apat na iba pa ang nasugatan sa tatlong taktikal na opensibang inilunsad nitong huling linggo ng Mayo ng mga Pulang mandirigma ng Leo Cawilan Command ng Bagong Hukbong Bayan (LCC-BHB) sa Kalinga.

Tatlong elemento ng Charlie Coy ng 21st IB ang napatay nang tambangan sila noong umaga ng Mayo 28 sa Sityo Supac, Barangay Daoangan, Balbalan. Walang anumang kaswalti sa panig ng mga mandirigma. Ayon kay Ka Tipon Gilayab, tagapagsalita ng LCC, nasamsam sa ambus na ito ang dalawang M16, isang M203 grenade launcher, dalawang rifle grenade, 12 granadang 40mm at daan-daang mga bala.

Noong umaga ring iyon, naglunsad ng operasyong harasment ang isa pang yunit ng LCC laban sa detatsment ng Philippine Army at CAFGU sa Barangay Taga, Pinukpuk. Dalawang sundalo ang napatay at apat pa ang nasugatan, kabilang ang dalawang elemento ng CAFGU.

Bago ito, sinunog ng mga Pulang mandirigma noong Mayo 25 ang isa pang detatsment ng militar sa Aguinaldo Hill, Barangay Asibanglan, Pinukpuk na inabandona ng mga sundalong natakot sa sunud-sunod na mga pang-aatake ng BHB at sa kawalan ng suporta mula sa mga taumbaryo.

### Mga aksyong militar sa Mindoro, Agusan at Zamboanga

**N** agtamo ng limang kaswalti ang AFP sa tatlong magkakahiwalay na aksyong militar ng BHB sa Zamboanga del Sur, Occidental Mindoro at Agusan del Sur mula Mayo 25 hanggang Hunyo 2. Isang baril ang nasamsam ng mga gerilya.

Sa Zamboanga del Sur, isang sundalo ng 53rd IB ang tinambangan ng BHB sa Barangay Lukoan, Lakewood noong Hunyo 2. Napatay ang sundalo at nasamsam ang kanyang armas.

Sa Occidental Mindoro, isang sundalo at dalawang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang salakayin ng BHB ang detatsment ng 8th IB sa Barangay Casague, Sta. Cruz noong gabi ng Mayo 28.

Sa Agusan del Sur, isang elemento ng CAFGU ang napatay sa operasyong harasment ng BHB laban sa detatsment ng 23rd IB-CAFGU sa Barangay New Tubigon, Sibagat noong Mayo 25.

### Mga armadong aksyon ng BHB sa Sorsogon

**S** unud-sunod na pinsala ang tinamo ng mga tropa ng AFP bunga ng iba't ibang aksyong militar na inilunsad ng Celso Minguez Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sorsogon noong Mayo 15-19. Anim na pwersa ng kaaway, kabilang ang isang hitman ng death squad ng AFP, ang napatay at hindi bababa sa 11 ang nasugatan sa kanila sa mga armadong aksyong ito.

Ayon sa isang pahayag mula kay Ka Jose Buenaobra, tagapagsalita ng Romulo Jallores Command ng BHB-Bikol, isang operasyong partisano, isang operasyong isnayp, anim na harasment at isang maniobrang kontra-kubkob ang inilunsad ng BHB-Sorsogon noong mga araw na iyon.

Pinakamaraming kaswalti ang tinamo ng kaaway noong Mayo 17 nang matagumpay na pangibabawan ng isang apat-kataong tim ng BHB ang tangkang pagkubkob sa kanila ng 15 elemento ng Philippine Army sa Barangay Busay, Magallanes. Nagulantang ang mga umaatakeng militar nang pasabugan sila ng land mine at paputukan ng mga gerilya. Lima ang namatay at dalawa ang nasugatan sa hanay ng kaaway. Walo pang sundalo ang nasugatan sa apat na operasyong harasment ng BHB noong araw ding iyon sa mga bayan ng Magallanes, Bulan at Gubat.

Samantala, isang sundalo ang nasugatan nang isnaypin ng isang tim ng mga gerilya ang 14-kataong tropa ng kaaway sa Barangay San Juan Daan, Bulan noong Mayo 18. Tarantang namaril sa iba't ibang direksyon ang kaaway. Isang sibilyan ang tinamaan sa walang habas nilang pamumutok.

Noong Mayo 15, pinarusahan din ng BHB sa sentro ng bayan ng Irosin si Domingo Habla, isang pangunahing hitman ng death squad ng AFP. Anang Romulo Jallores Command, malaking hakbang ang pamamarusang ito sa pagkakamit ng rebolusyonaryong hustisya para sa mga pinaslang na aktibistang masa at mga myembro ng mga progresibong organisasyon.



### Negosasyon ng PCGG sa nakaw na yaman ni Marcos

UMANI ng matinding batikos ang Presidential Commission on Good Government (PCGG) sa ginagawa nitong pakikipag-areglo sa pamilyang Marcos para paghatian ang nakaw na yaman ng dating diktador.

Kaugnay nito, isinampa sa Kongreso ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at limang iba pang progresibong mambabatas ang House Bill No. 1264 na naglalayong imbestigahan ang napabalitang aregluhan at ipagbawal ang pagbabasura sa mga kasong kriminal laban sa mga myembro ng pamilyang Marcos bilang bahagi ng "rekonsilyasyon."

Tumambad sa publiko ang nilulutong aregluhan nang makunan ng bidyo at litrato si PCGG Chairman Ricardo Abcede na nakikipagsayaw kay Imelda Marcos sa isang kasayahan. Inamin ni Abcede na inimbitahan niya ang balo ni Marcos sa kanyang birthday party dahil bahagi umano ito ng pagsisikap para sa rekonsilyasyon.

Sa nilulutong aregluhan, \$5 bilyon hanggang \$10 bilyong bahagi ng nakaw na yaman ang mapapasakamay ng gubyernong Arroyo, kapalit ng mas malaking halagang isasauli sa pamilyang Marcos at pagbabasura sa lahat ng mga kaso labas sa kanila.

### Pakanang cha-cha, naunsyami

BUNGA ng puspusang pagsisikap ng mga pwersang anti-Arroyo na labanan ang bawat pakana at hakbang ng rehimeng Arroyo para paspasan ang *cha-cha*, bigo ang lahat ng pagtatangka ng Malakanyang na masimulan na ang pag-amyenda ng konstitusyon bago ang muling pagbubukas ng Kongreso at Senado sa Hulyo 24.

Gayunman, ipinahayag ni Press Sec. Ignacio Bunye nitong Hunyo 5 na itutuloy pa rin nila ito sa susunod na taon. Ipinahayag din niya ang pangarap na ang halalan sa 2007 ay para na sa bagong unikameral (iisang kapulungan) na parlamento.

Ang pagkaudlot ng pakanang *cha-cha* ay bunsod ng kabiguan ng mga maka-Arroyong kongresista na kumbinsihin ang mga senador na itransporma ang pinagsanib na kapulungan ng Kongreso at Senado tungo sa isang *constituent assembly*. Balak ng rehimeng pagsilbihin ang kapulungang ito bilang behikulo sa pagbabago ng konstitusyon. Bago ito, sunud-sunod na rin ang kabiguan at bara sa pagsusulong ng *cha-cha* sa pamamagitan ng huwad na "*people's initiative*" na pinakana ng Malakanyang.

Hinahabol sana ng Malakanyang ang Mayo 25 dedlayn para matupad ang itinatadhana ng reaksyunaryong batas na 60 araw na pagtalakay sa anumang usapin bago ito isalang sa plebisito. Inasahan ng rehimen na makapagdaraos na ng plebisito pagsapit ng Hulyo para isang bagong parlamentong unikameral na lamang ang magbubukas sa halip na magkahiwalay na Kongreso at Senado.

Nangangamba ang Malakanyang na kapag hindi natuloy ang *cha-cha* bago ang Hulyo 24, posibleng mahirapan na itong kontrolin ang mga maaaring mangyari pagkatapos nito, tulad ng pagtutuloy ng panibagong impeachment at paglakas at paglamang ng oposisyon sa halalan sa 2007.

### Batasan 6, patuloy na iniipit

PATULOY ang pagdidiin ng rehimeng Arroyo sa "Batasan 6." Nagtagumpay si DOJ Sec. Raul Gonzalez na mapaatras ang orihinal na huwes na may hawak ng kaso. Ipinasa ang kaso kay Judge Encarnacion Moya ng Makati Regional Trial Court na pabor sa rehimeng Arroyo.

Agad namang idineklara ni Moya na may batayan umano ang kasong rebelyon laban kay Rep. Crispin Beltran. Malinaw na inilalatag na ng rehimen ang senaryo para mahatulang nagkasala ng rebelyon ang "Batasan 6" at gipitin sila at ang mga partidong kanilang kinakatawan.

## Panunuhol laban sa impeachment

DAHIL bigo ang Malakanyang na ihabol ang *cha-cha* sa Hulyo, posibleng matuloy ang panibagong impeachment laban kay Gloria Arroyo. Nagkukumahog ngayon ang rehimen na bilhin ang katapatan ng mga kongresista para huwag nilang suportahan ito. Nabunyag nitong Hunyo 5 na tatanggap ang mga maka-Arroyong kongresista ng karagdagang P7 milyon, bukod pa sa tiq-P70 milyon nilang "pork barrel" na nakasaad sa pambansang badyet ng 2006. Sa kabilang banda, dadaan muna sa butas ng karayom ang mga papabor sa impeachment bago nila makuha ang kanilang "pork barrel."

Ayon kay Rep. Rolex Suplico, isa sa mga bumoto para sa *impeachment* noong 2005, ang mga oposisyunista ay nakatanggap lamang noon ng 50% ng ₱70 milyong "pork barrel" na nakuha ng mga maka-Arroyo. Ang iba, tulad ng mga kinatawan ng Bayan Muna ay halos walang nakuha.



Taon XXXVII Blg. 11 Hunyo 7, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Parusahan ang mga pasistang kriminal

Pahayag ng Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas Mayo 31, 2006


ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang walang habas, tuluy-tuloy at lalo pang pinatitinding kampanya ng pamamaslang at pagdukot ng mga lider at aktibista ng ligal na mga demokratikong partido, organisasyong masa at alyansa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataang estudyante, propesyunal at iba pang demokratikong uri at sektor.

Daan-daan nang biktima, na pawang walang armas at walang laban, ang brutal na sinalakay at pinatay ng mga death squad na kontrolado ng mataas na kumand at mga yunit paniktik ng AFP at PNP.

Ang pagpaslang kay Sotero Llamas sa kabila ng napakalawak nang pagkundena ng demokratikong upinyong publiko sa loob at labas ng bansa ang pinakahuling pruweba ng kumpletong kawalan ng pakundangan sa mga pamantayang makatao at sibilisado, labis na arogansya at pag-abuso sa kapangyarihan, at hibang na pagkauhaw sa dugo ng

mga lisensyadong mamamatay-tao ng estado at ng naghaharing rehimeng Arroyo na nagmamando at ku-mokontrol sa kanila.

Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan sa kriminal na pananagutan ng pasista at papet na rehimeng Arroyo bilang utak, tagaplano at tagamando ng buhong na pag-atake sa mga walang armas na kasalungat sa pulitika. Sa utos at basbas ni Gloria Macapagal-Arroyo, ang nagaganap na pagbaha ng dugo ay pinlano, inorganisa at idinidirihe ng *national security cluster* ng gabinete sa pamumuno ni dating Gen. Eduardo Ermita at kinabibilangan ng mga panatikong an-



Mga tampok sa isyung ito...

Maruming digma ng rehimeng US-Arroyo PAHINA 3

Kulang na silid-aralan, kakarampot na badyet PAHINA 9

3 riple nasamsam, 5 sundalo napatay sa Kalinga раніма 13

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*